Pangalan:______________________________ Linggo: ____________

Baitang&Pangkat:__________________________ Petsa: ____________

# SANAYANG PAPEL #8 PAKSA: PAG-IIMPOK AT PAMUMUHUNAN

## GABAY

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** Napahahalagahan ang pag-iimpok at pamumuhunan bilang isang salik ng ekonomiya.

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Natatalakay ang kahalagahan ng pag-iimpok at pamumuhunan;
2. Nakagagawa ng malikhaing pagguhit ukol sa tamang paraan ng paggugol ng salapi; at
3. Napahahalagahan ang wastong paggamit/paggugol ng salapi sa pang araw-araw na pamumuhay.

## ENGGANYO

**PAG-IIMPOK AT PAMUMUHUNAN**

**Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP)** Itinatag sa pamamagitan ng Republic Act No. 7653, ang BSP ay itinalaga bilang central monetary authority ng bansa. Layunin nito na mapanatili ang katatagan ng halaga ng bilihin at ng ating pananalapi. Ito rin ang namamahala sa mga patakaran ng pamahalaan tungkol sa pananalapi, pagbabangko at pagpapautang.

**Institusyon ng Pananalapi** -Ito ang pangunahing institusyon nainaasahan ng pamahalaan namamamahala sa paglikha, pagsu- supply, pagsasalin-salinng salapi sa ating ekonomiya. Nahahati ito sa dalawang uri; ang bangko at di-bangko.

**Bangko**- Isang uri ng institusyong pampananalapi na tumatanggap at lumilikom ng labis nasalapi na iniimpok ng tao at pamahalaan. Ito ang nagsisilbing tagapamagitan sa mga taong may labis na salapi at mga negosyanteng namumuhunan sa bansa.

**Mga Uri ng Bangko**

**1. Bangko ng pagtitipid (Thrift Bank)** – ito ay tinatawag din na savings bank na humihikayat sa mga tao na magtipid at mag-impok ng ilang bahagi ng kanilang kita.

**2. BangkongKomersyal (Commercial Bank)** – Ito ang bangko nanikikipag-ugnay sa mga nag- iimpok at mga negosyante at kapitalista.

**3. Bangkong Rural (Rural Bank)** – mga bangko na naglalayong tulungan ang mga magsasaka upang magkaroon ng puhunan.

**Mga Espesyal na Bangko**

**Land Bank of the Philippines** – itaguyod ang pagpaptupad ng reporma sa lupa. May kinalama nito sa pagsasaayos ng pondo ng pamahalaan ukol sa reporma sa lupa.

**Development Bank of the Philippines (DBP)** – ito ang nagbibigay tulong pinansiyal sa pagpapatupad ng mga programa at proyektong na mapaunlad ng pangunahing sector ng ekonomiya, ang agrikultura at industriya.

**Mga Institusyong Di-Bangko**
**Pag-IBIG Fund** – Pagtutulungan sa kinabukasan – Ikaw, Bangko Industriya at Gobyerno ay itinatag upang matulungan ang mga kasapi nito na magkaroon ng sariling bahay.
**Government Service Insurance System (GSIS)** – Namamahala sa pagkakaloob ng tulong sa mga manggagawa ng pamahalaan.
**Social Security System (SSS)** – Ito angnagkakaloob ng siguro sa mga mangagawa sa mga pribadong industriya at kompanya.

## TALAB

**Gawain 1: LOGO SURI**
Ipaliwanag ang ginagampanan at tungkulin ng mga sumusunod na logo ng bawat institusyon.

LANDBANK ____________________________________________

____________________________________________

GSIS ____________________________________________

Pag-IBIG FUND ____________________________________________

DBP ____________________________________________

**PamprosesongTanong:**

1. Ano sa mga institusyon na ito ang pinupuntahan ng iyong pamilya upang pamilya upang makipag transaksiyon iyong pamilya upang makipag transaksiyon ? Ipaliwanag.

2. Gaano kalaki ang naitutulong sa iyo at sa iba pang mamamayan ng mga institusyon na ito? Pangatwiranan.
3. Bakit itinuturing na mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga institusyon ng pananalapi sa lipunan?

## RUBDOB

**Gawain 2: POSTER MAKING**
Gumuhit ng isang mabisang paraan ng paggugol ng salapi.

**RubriksaPagpupuntos ng Poster**

| **Pamantayan** | **Paglalarawan** | **Puntos** |
|---|---|---|
| **Nilalaman** | Wasto ang impormasyon. Naglalaman ng pangunahing ka paraan sa paggugol ng salapi. | 10 |
| **Presentasyon** | Mahusay na naipahahatid ang mensahe ng kahalagahan ng tamang paraan ng paggugol ng salapi. | 10 |
| **Pagkamalikhain** | Mahusayang pagkakalatag ng disenyo at mga larawan na lubhang kaakit-akit sa mga tumitingin. | 10 |
| | **KabuuangPuntos** | **30** |

## IRAL

**Gawain 3:**
Isulat ang titik ng pinakatamangsagotsasagutangpapel.

1. Magkaugnayang pag-iimpok at pamumuhunan.
   Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita dito?
   A. Ang pamumuhunan ay nangangailangan ng sapat na salaping inimpok ng isang mumumuhunan.
   B. Ang mga inimpok sa institusyon sa pananalapi ang nahihiram para sa pamumuhunan.
   C. Nag-iimpok ang mga tao sa bangko upang may mahiram ang mga namumuhunan.
   D. Naipapasok muli sa paikot na daloyang perang inimpok sa pamamagitan ng pamumuhunan
2. Isang ahensya ng pamahalaanang Philippine Deposit Insurance Corporation o PDIC.
   Alin ang pangunahing layon nito?
   A. Maipakita na malusog ang ekonomiya
   B. Mapataas ang pag-iimpok sa Pilipinas
   C. Mahikayat ang mga Pilipinong mag-impok.
   D. Makahikayat ng mga mumumuhunan sa Pilipinas
3. Ang pamumuhunan ay isang mahalagang salik sa bansa.

Paano ito nakatutulong sa mga mamamayan?
A.Kapag maraming namumuhunan sa isang bansa, maraming mga negosyo ang naitatayo.
B. Kapag maraming namumuhunan sa isang bansa, nakikilala ito sa buong mundo.
C. Nagiging daan sa mabuting ugnayan ng Pilipinas sa ibang bansa ang pamumuhuanan nila.
D.Maraming salapi ang napupunta sa sirkulasyon kapag maraming namumuhunan sa bansa.

4. Bakit hinihikayat ang mga mamamayan ng bansa na mag –impok sa mga inistitusyon sa pananalapi?
A. Maraming bansa ang mahihikayat namamuhunan sa Pilipinas kung mapapataas ang antas ng pag-iimpok dahil ito ay itinuturing nasaligan ng isang metatag na bansa
B. Maraming Pilipino ang magkakaroon ng pagkakataong mamuhunan
C. Upang mapanatili ang salapi sa paikot na daloy ng ekonomiya
D. Upang masiguro na magiging matatag at malusog ang takbo ng patakarang pananalapi sa bansa.

5. "Mas maraming negosyo, mas maraming trabaho." Ano ang direktang epekto nito para sa mga mamamayan?
A. Magkakamit ang kaunlaran ng bansa.
B. Magiging sagana ang pamumuhay ng mga Pilipino.
C.Hindi na kakailanganin pang mangibang-bansa ang mga Pilipino para kumita
D. Maraming mamamayan ang magkakaroon ng kakayahang matugunan ang kanilang pangangailangan.

6. Ang commercial banks ang pinakamalaking uri ng bangko.
Paano ito nakatutulong sa mga mangangalakal o negosyante?
A. Nakapagpapahiram sila sa tao para sa pabahay, pakotse, at iba pa.
B. Nakapagpapahiram sila ng malaking halaga ng puhunan.
C. Maliit lamang ang interes naipinapataw nila sa mga nanghihiram para sa pamumuhunan.
D. Nakakahiram ng puhunan dit o angmgakawani ng gobyerno.

7. Ang kooperatiba ay kapisanan na binubuo ng mga kasapi na mag nagkakaiang panlipunan o pangkabuhayang layunin.
Alin sa mga sumusunod ang natatanging katangian ng institusyong ito?
A. May natatanggpa na interes mula sa kanilang inilagak na pera ang mga kasapi nito.
B. Nagkakaloob ng serbisyong medical pamayanan.
C. Ang kooperatiba ay pag-aari at kontrolado ng mga kasapi nito.
D. Nakakahiram ng pera mula sa pondo ang mga kasapi nito.

8. Ang Social Security System o SSS ay ahensya ng gobyerno na nagbibigay ng seguro sa mga kawani ng pribadong kompanya at sa kanilang pamilya sa oras ng pangangailangan.
Alin sa mga sumusunod ang pangunahing serbisyo ng SSS?
A. Mabigyan ng maternity pay ang mga myembro ng nanganak.
B. Masigurongmapagkakalooban ng pension angmgamyembrongretirado o nawalan ng hanapbuhaydulot ng sakit
C. Mabigyan ng isa pang option ang mga kawani ng gobyernoukolsapagkakaroon ng seguro
D. Magkaloob ng medical assistance sa mga myembro na nagkasakit

9. Aling institusyon sa pananalapi na ang pangunahing layunin ay matulungan ang mga nasa lalawigang malayo sa kalakhang Maynila partikularang mga magsasaka at malit na negosyante?
A. Thrift Banks
B. Commercial Banks
C. Rural Banks
D. Specialized Government Banks

10. Alin sa mga pahayag tungkol sa mga institusyon sa pananalapi ang wasto?
    A. Ang mga institusyong bangko ay ang mga tumatanggap ng kontribusyon mula sa mga kasapi na pinalalago at muling ibinabalik sa mga kasapi pagdating panahon upang ito ay mapakinabangan.
    B. Ang pawnshop, pension funds, registered companies, pre-need, at insurance companies ay itinuturing na mga institusyong bangko.
    C. Ang mga institusyong bangko ay ang mga tumatanggap ng salapi mula sa mga tao, korporasyon at pamahalaan bilang deposito na nagkakaroon ng interes o tubo.
    D. Pangunahing layunin ng mga institusyong bangko ay lumago ang kita ng mga may-ari ng naturanginstitusyon

*Sanggunian:*

*logos.fandom.com*
*en.wikipedia.org*
*EkonomiksEvelina M. Villoria et.al.SD Pulication, Metro Manila pp. 314-322*
*Ekonomiks Bernard R. Balitaoet.al.Vibal Group Inc., Metro Manila pp. 304-317*

**TEACHER'S FEEDBACK**

______________________________________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ________________________________ Linggo: ______________

Baitang&Pangkat: ___________________________ Asignatura: ____________

| **Para sa Mag-aaral(*Tapusinangmgapangungusap.)*** | |
|---|---|
| Nahirapan akong unawain at gawin / sagutanang bahaging… | |
| Nadaliaan akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging … | |
| Kailangan ko pa ng tulong upang lalong maunawaan ang …. | |

| **Para samagulanG(*Lagyan ng tsekanginyoongsagot.)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nagawa ng aking anak ang mga pagsasanay.. | | Ang aking anak ay … | |
| | Nang siya lamang mag-isa, walang tumulong | | Nasagutan ang lahat ng mgapagsasanay |
| | na may kaunting tulong sapag sa abot mula sa iba | | Nasagutan ang ibang pagsasanay at ang iba ay hindi |